# 1

"Boss, dito na lang ho sa tabi." Pinatigil ni Lexie ang taxi. "Bulalacao Bar," basa niya nang malakas sa karatula. Hindi niya malaman kung bakit gusto niyang masuka matapos sambitin ang pangalan ng lugar. Tiningnan siya ng taxi driver na nakakunot ang noo.

*Sinabi ko na nga ba. Talagang dapat nagmaneho na lang ako papunta rito. Dapat hiniram ko na lang ang owner-type jeep ni Tatay, hindi pa naman siya umuuwi ng probinsya.* Hindi niya mahulaan kung ano ang nasa isip ng driver, pero maaaring nagtatanong ito kung bakit ang katulad niya ay sasadya sa lugar na iyon. Nakadamit siyang disente at may folder pang dala. Kung makeup ang pag-uusapan, hanggang lip gloss lang siya. Naka-pony tail pa ang buhok niyang hanggang batok lang ang haba at wala siyang borloloy sa katawan. Kagagaling niya lang sa ilang job interviews.

"Bayad ho. Keep the change." Inabot niya sa driver ang bill at mabilis na lumabas ng taxi.

Dito raw sa lugar na ito napapadalas si Elmer, ang boyfriend niya, at may nilalabas daw itong Guest

Relation Staff, ayon kay Cheng—ang tsismosang binibilihan niya ng waffles sa kanto tuwing pauwi siya galing sa kung saan mula sa mga in-apply-an niya ng trabaho bilang veterinarian.

*"Ikaw naman. Baka kamukha lang noong tao," sabi pa niya kay Cheng noon, sabay biro, "Ikaw ha, ano'ng ginagawa mo sa Bulalacao, ha?"*

*"Doon nagtatrabaho ang boyfriend ko. Bouncer doon. Haaay…" Naging mapungay ang mga mata nito. Subali't panandalian lamang iyon, dahil dilat na dilat itong nagkuwento, "Nang sinundo ko si Pangke, hayun, nakita naming palabas ng bar si Elmer."*

Natandaan niyang muntik nang naubusan ng dugo ang mukha niya dahil sa kaputlaan.

Malamang ay nagkamali lang si Cheng. Busy parati si Elmer dahil branch manager ito ng isang kilalang restaurant chain. Wala itong panahong makipagrelasyon ng extra. Isa pa, professional ito at professional din siya. Ipagpapalit ba siya ni Elmer nang ganoon na lang sa isang Guest Relation Staff?

Nakasapatos naman siya, pero tumututol ang kanyang talampakang tumapak sa mamasa-masang parking lot.

Mabuti na lang at tumila na ang ulan. Tiningnan

niya ang repleksyon ng neon lights ng bar sa mga lawa-lawaan. Maliwanag pa, pero may sindi na ang karatula nito; tila nagpapapansin sa lahat ng dumadaan na mag-good time muna. Tumambay siya malapit sa isang *Hyundai Tucson* na nakabukas ang mga bintana. May dalawang German Shepherds na nakasakay sa likuran niyon. Napangiti siya dahil sa kulay ng mga ito. Ang isa ay pulos brown, pero itim ang nguso, ang isa naman ay itim, pero brown ang nguso. Tila nagpapaawa ang mata ng mga ito habang nakatingin sa kanya.

"Hi, babies," bati niya sa matinis na boses. Dumungaw ang mga ito sa bintanang malapit sa kanya kaya napangiti siya.

As usual, she expected that they would go near her. Alam niyang hindi lang dahil amoy aso't pusa ang kanyang pantalon bunga ng pakikipag-usyoso sa mga hayop kanina sa isang animal clinic nang siya ay nag-a-apply—kundi dahil likas sa kanya ang lapitan ng aso, pusa at kabayo. Kaya nga 'Alexandra' ang ipinangalan sa kanya. Kuwento ng mga magulang, noong sanggol pa lang daw siya at katiwala sa isang rancho ang kanyang ama, ang di-maawat na kabayo ni Don Diego ay tumakbo papunta sa kanyang inay habang siya ay kalung-kalong at pinapaarawan nito. Akala ng mga nakakakita ay dadaluhugin silang

mag-ina ng hayop, pero huminto ang nagwawalang kabayo sa tabi ng kanyang ina at siya ay inamuy-amoy at pinagmasdan! Para raw siyang si Alexander the Great na nagpaamo kay Bucephalus, ang paboritong kabayo nito.

Napatingin siya sa direksyon na naringgan niya ng tawanan. Siya ba ang pinagtatawanan ng mga ito? Naka-cotton shirt at maong. Suot niya ang paborito niyang suwerteng cowboy boots na regalo ni Don Diego sa kanya. Yakap-yakap niya ang accordion envelope na halos maghiwa-hiwalay na ang harap at likod dahil sa dami ng laman: college diploma, birth certificate, transcript of records, pictures niya na kasama ang kung anu-anong aso't pusang inalagaan at resumé. Napagod siya sa kaka-apply sa trabaho. Gusto na niyang umalis sa lugar na ito at umuwi sa boarding house at magmukmok na lang.

Siya namang paglabas ng isang pamilyar na mukha at pamilyar na polo shirt mula sa bar. Kapwa sila nagulat ni Elmer nang magsalubong ang kanilang mga mata.

"L-Lexie?" bigkas nito sabay lapit sa kanya. Kasunod nito ang isang magandang babaeng hanggang baywang ang tuwid na tuwid na buhok, na nagkakahalaga yata ng sampung libo dahil sa

paulit-ulit na pagpapa-rebond. “Ano’ng ginagawa mo rito?” nakakunot ang noo at tila galit na tanong ni Elmer.

Naasiwa siya sa ugali nito. Inunahan niya ng tapang ang bikig sa lalamunan. “Oh, hi, Elmer,” kaswal at mataray niyang bati rito. “Fancy meeting you here.” Kinawayan pa niya ang babaeng nakabuntot dito. Ang babaeng dalawang linggo muna ang lilipas bago niya aamining kamukha ng isang Russian supermodel na kinuha ng *Hollywood* para maging artista.

“What the hell are you doing here?” May pagkaarogante ang tono nito. Alam ni Lexie na pinagtatakpan nito ng galit ang pagkakamaling nahuli niya.

“Halika, may sekreto akong sasabihin sa iyo,” aniya sa boses na parang nag-a-advertise ng rhum sa telebisyon. Sumandal siya sa *Hyundai* car bilang suporta. Sa totoo lang, nanginginig siya sa galit at kumukulo ang kanyang dugo subalit nagtimpi siya. Lumabas mula sa bintana ng kotse ang ulo ng German Shepherd at kumiskis sa kanyang braso. Nabigyan siya ng lakas ng loob.

“Actually, sinusundo ko ang boyfriend ko dito,” simula niya. Kunwari ay tumingin siya sa bukana

ng bar. "May inasikaso lang. Sorry, di ko man lang nasabi sa 'yo na mayroon na akong iba," nanunuya niyang sabi. Tiningnan niya ang asong bigla ay tila gustong lumabas ng sasakyan.

Lumipat ang kanyang mata sa lalaking dumarating nang pasuray-suray. Habang papalapit ito ay palakas naman nang palakas ang ingay ng dalawang aso.

"Oh, sweetie, naparami ka yata ng inom." Inalalayan niya ang lalaking 'prop' niya sa kanyang drama. Sa totoo lang, ni anino nito ay hindi niya kilala. Binuksan nito ang driver side ng kotse, pero pinigilan niya.

"Teka, teka. Ako ang designated driver ngayon, remember?" Inakay niya ito at pinasakay sa passenger side. "Bukas, it's my turn to have beer at ikaw naman ang driver." Sadya niyang nilakasan ang tinig para marinig iyon ni Elmer na kasalukuyang nagugulat sa nangyayari.

"Mutual understanding," paliwanag niya. Pagkatapos ay inismiran niya ito at pagalit na isinara ang pinto. Inabot naman ng lalaki ang susi ng kotse. Sinulyapan niya ito, nakabaluktot ito dahil sa kalasingan.

Ilang kilometro na ang binaybay ng sasakyan nang bumigay ang kanyang luha. Palihim niyang pinahid iyon at sinulyapan ang lalaki para i-check kung nakatingin ito sa kanya. Ngunit hayun, nagmumukmok ito at natatakpan ng kamay ang mukha.

"Why?" sabi nito. "Rio, why?" Umiiyak na ito.

Humikbi na rin si Lexie. Sabay silang humagulhol. Ang mga aso naman sa likuran ay sumang-ayon at malungkot na naghalinghingan.

"#56 Brooklyn Street," banggit ng lalaki. Ipinasok ni Lexie sa pangmayamang subdibisyon ang kotse nito.

*#56 Brooklyn…* bulong niya habang minamaniobra ang sasakyan. Dumukot siya ng tissue mula sa box ng *Kleenex* na nasa dashboard, nagpunas ng luha, kumuha muli para abutan niyon ang lalaki, saka hinanap ang kalye ng bahay. Mabuti na lang at hindi iyon nasa dulo ng kung saang dead end ng subdibisyon. Ngayon lang siya nakarating sa lugar na ito subalit madaling hanapin ang bahay ng lalaki dahil maayos ang pamilang ng bawat bakuran.

Ang number fifty-six ay hindi naman kataasan ang pader. May nakasabit pa ritong karatula na may

nakasulat na: *'Wanted: Dog Sitter.'*

Mula sa sasakyan ay naamoy ni Lexie ang matamis na halimuyak ng bulaklak ng halamang gumagapang sa bakod nito. Amoy-anise iyon.

"Press the gate remote…" anang lalaki sabay turo sa tinutukoy na button na nakadikit sa rearview mirror. Suminghot ito pagkatapos.

Bumukas ang mabigat na tarangkahan na kulay tanso ilang segundo matapos niyang pindutin ang remote control. Kasunod niyon ay bumukas ang pinto ng garahe at dinerecho niya ang kotse sa loob.

"Now what?" bulong niya nang ihinto na niya ang sasakyan. Binuksan ng lalaki ang pinto at nauna pa rito ang dalawang German Shepherds na bumaba at tuluy-tuloy na pumasok sa kabahayan.

Mukha namang gagapang ang lalaki palabas ng kotse kaya nagmadaling bumaba si Lexie upang alalayan ito. Nang makatayo ang lalaki, narinig niya ang malakas na dighay nito. Masamang signos.

"Oh, no…" bulong ni Lexie. Alam niya ang kasunod niyon. "Sheesh." Inikot niya ang tingin sa buong garahe at kung anu-anong mga kagamitan ang nakita niya. Agad niyang hinablot ang malaking lata ng pintura at mabilis na binuksan iyon.

Tamang-tama. Nang yumuko ang lalaki ay iyon ang ipinangsahod niya. Nilimas nito ang laman ng tiyan—na pulos alak. Patuloy itong umupo sa harap ng balde at mukhang kulang na lang pati laman-loob ay inilabas na rin nito. Hinagod niya ang likod nito.

Sinulyapan ni Lexie ang relo, pumikit at ngumiwi. Alas ocho na ng gabi. Gusto na niyang umuwi at magpahinga. Hindi siya maaaring magpahuli kinabukasan sa interview sa isang kilalang animal clinic. Kapag natanggap siya roon, magiging unang trabaho niya iyon.

Kapapasa lamang niya sa board examinations ng Veterinary Medicine at kailangan niya ng trabaho upang makapagbayad ng mga credit cards at sa mga kaibigan na inutangan niya ng panggastos sa pag-aaral dahil wala naman siyang scholarship, hindi tulad ng kuya niya.

Bumuntong-hininga siya at naupo sa tabi ng lalaking nagsusuka habang umiiyak. Awang-awa siya rito. Nahalata niyang ilang araw na rin nitong pinabayaan ang mukha dahil mahaba-haba na rin ang balbas nito.

"Wala ka bang kasama sa bahay?" untag niya.

Umiling ito, humikbi at isinubsob muli ang ulo patapat sa lata ng pintura at dumuwal.

*God, ano itong napasukan ko?* tanong ni Lexie sa sarili. Tiningnan niyang muli ang lalaki. Mukha namang hindi ito bagay sa drama. Pang-action pa nga ang matipunong katawan nito. Tiningnan-tingnan niya ito at namamalayan niyang unti-unting lumilitaw ang kaguwapuhan nito. Kahit na lasing at nagsusuka ito.

"Alam mo kung ako sa 'yo, magpapahinga na ako't matutulog."

Tumango ito, inunat ang kamay at nagpatulong tumayo. Inakay niya ito papunta sa loob ng bahay. Mabigat ito at dahil lasing, sumusuray-suray. Kinapa nito ang seradura ng isang pinto kaya inunahan niya itong buksan iyon. Isang magarang banyo ang tumambad sa paningin ni Lexie, iyong katulad sa hotel. Amoy-citronella ang banyo at may isang paso pa ng orchid sa tabi ng lababo. At hindi iyon fake.

Sumubsob ang lalaki sa lababo, nagmumog at naghilamos. Pagkatapos ay muling nagmuwestra na kung maaari ay alalayan niya itong pumunta sa silid nito.

Habang naglalakad sila ay nakapikit ito at hula

niya, sa tingin nito ay umiikot ang buong bahay. Pinagbuksan niya ito ng pinto. Iyon marahil ang silid nito. And she liked it. Kawayan ang wall panel niyon. Tsokolate ang kulay ng kobre-kama, may modernong lampara sa tabi. Simple at elegante ang kabuuan.

"Hindi ka sanay maglasing, ano?" she asked again.

Umiling ito bago bumagsak sa kama nang nakapikit pa rin.

Oo nga. Marahil ay naglasing lang ito dahil iniwan ng binabanggit nitong 'Rio' kanina. Bumuntong-hininga si Lexie. "Buti ka pa, iniiyakan mo si Rio mo. Samantalang ako, nang madiskubre ko ang kalokohan ni Elmer, siya pa ang nagalit sa akin," sabi niya kahit tila tulog na ang estranghero. "Nakakainggit naman si Rio. Masarap ka sigurong magmahal, ano?"

Pagkasabi niyon, natigilan siya. Nakikipag-usap siya sa lasing na tulog at kung anu-ano ang kanyang pinagsasasabi. Uminit ang kanyang mukha.

"Ah, ahem… Mister… may interview pa ako bukas. Kailangan ko nang umuwi."

Hinawakan kaagad nito ang kanyang kamay at

sinabi, "'Wag kang umalis. Please." Binuksan nito ang isang mata upang tingnan siya, pero agad ding isinara iyon nang mariin. "Please don't leave…"

Tiningnan niya ito nang nakaawang ang bibig. Nakapikit ito at nangingilid ang luha sa mga mata. Inambunan ng awa si Lexie. Paano nga naman kung may mangyari rito?

"Okay…" sagot niya. *Pag nakatulog ka na, saka ako aalis.* Hinawakan din niya ang kamay nitong ayaw bumitaw sa kanya upang ipakitang hindi siya aalis, pero ipinagdasal niyang makatulog kaagad ito at nang makauwi na siya. Pumikit siya. Minabuti niyang maidlip, yaman din lang na maaari niyang ipatong ang ulo sa malinis at malambot na kama ng lalaki.

Hindi nagtagal ay nagising si Lexie mula sa pagkakaidlip. Hawak-hawak pa rin ng lalaking tulog na tulog ang kanyang kamay. Sa bintana ay suminag ang mataas nang araw…

# 2

“Oh, sheesh!” tarantang bulong ni Lexie. Hindi lang siya nakaidlip, mahimbing siyang nakatulog.

Maingat niyang hinila ang kamay mula sa pagkakahawak ng lalaking ni hindi niya kilala at lumabas ng silid. May panahon pa siya para tumawag sa animal clinic at ipaalam na mahuhuli lang siya nang kaunti, pero darating pa rin siya sa interview.

Natigilan siya nang makita ang isa sa German Shepherds na nakilala niya nang nakaraang gabi. Nakaabang na ito sa labas ng kuwarto. Inamuy-amoy siya nito saka inilabas ang dila. Nakilala siya marahil nito bilang panauhin ng amo mula pa kagabi.

“Hi, baby,” marahang bati niya rito. Ibinaba niya ang kamay at hinayaan itong amuyin iyon. Hindi lang nito inamoy iyon kundi dinilaan pa.

Pumasok siya sa banyong amoy-citronella at nagmumog. Naghilamos din siya gamit ang sabon na hugis-dayap na nakapatong sa counter na marmol, saka inayos-ayos ang suot. Gusto niyang ipasa ang interview sa *Cerdito Animal Clinic*.

“Okay, show me the way out.” Naalala niya ang

kanyang bag at envelope sa kotse ng lalaki. "Please show me the way out. Bibisitahin kitang muli at dadalhan ng pagkalaki-laking steak." Marahang kumahol ang German Shepherd at inilabas ang dila nang marinig ang salitang 'steak'.

"Oo, magugustuhan mo iyon." Tiningnan niya ito saka binuksan ang kotse at kinuha ang kanyang bag at envelope. "Thanks. Goodbye. Gotta go."

Binuksan niya ang sidedoor ng garahe at napahiyaw. Hayun sa kanyang harapan ang sandosenang dambuhalang German Shepherds. Pakiramdam niya ay humahangin dahil kumakawag ang mga buntot nito na parang pamaypay at lahat yata ay may balak na dambahin siya.

Isinara niya ang side door at sumandal dito. "Is there another way out of here?" tanong niya sa asong nakatingin sa kanya. Siya namang pagbukas ng pinto ng kabahayan. Patay…

"Who goes there?" malakas na tawag ng lalaki. Gising na ito at sa tinig nito ay parang walang nangyaring paglalasing kagabi.

Luminga-linga si Lexie at naghanap ng mapagtataguan ngunit naisip niyang ituturo siya ng aso kapag kumubli siya sa mga kahon-kahon.

Matagal siyang nakatayo lang at nagmuni-muni. Nagkatitigan sila ng isang malaking pusang tatlo ang kulay na nakaupo sa mga kahon sa bodega. Pero maging iyon ay tumalikod, iniharap ang matabang puwitan sa kanya at pinikit ang mga mata. Waring nagsasabing, "Sorry, hindi kita matutulungan. Magpakamatay ka na lang."

Kung tatakas siya ay mapagkakamalan siyang magnanakaw, tatawagan ng lalaki ang guard house ng subdivision at maaari siyang maaresto bago pa man siya makalabas. Isa pa, hindi niya talaga kabisa kung saan ang labasan ng lugar na iyon. Napatalon siya nang makaharap ang lalaki sa garahe.

"Ahem… ah… good morning, Sir," bati niya habang mariing hinawakan ang envelope at bag niya.

"Who are you?" Kumunot ang noo ng lalaki. Parang wala itong natandaan tungkol sa nagdaang gabi.

Iniwasan ni Lexie ang titig nito. "Sir, ako ho ang dog sitter applicant!" may entusiyasmo niyang sagot at nakipagkamay rito. "Nabasa ko ho ang karatula ninyo sa labas at gusto ko pong mag-apply."

Hindi ito natinag, imbis ay nagtanong: "Paano

ka nakapasok dito?"

"Eh, bukas po ang gate. Akala ko nga po ay may pila na ng aplikante rito sa loob." Tumahimik siya. Then she pouted like a spoiled child. "A-akala ko ba ay kailangan ninyo ng dog sitter." Next tactic. She acted as if she was offended. "'Wag na nga lang. Uuwi na ako." Tumalikod siya at binuksan ang side door. "Puwede po ba, pakisaway ng mga aso ninyo? Kanina pa nila ako sinusundan nang pumasok ako sa gate." Lumabas siya sa pinto at nilampasan ang mga asong umamoy sa kanya. Kagila-gilalas na tahimik siyang hinatid ng mga ito patungo sa gate.

*Yes! Safely, quietly out of the zoo.* Tahimik siyang tumawa-tawa. *Wais ka talaga, Alexandra the Great.*

"Miss, sandali lang…"

Tumigil siya nang marinig ang pagtawag ng lalaki at napapikit nang mariin. "Hindi, okay lang, Sir. Baka sinasayang ko lang ang oras mo. Saan na nga ang labasan ng magarang subdibisyon ninyo?"

"Please, sandali lang. Maaari kitang interview-hin ngayon," pakiusap ng lalaki. Bakit hindi niya ito matanggihan? Napakalakas ng persuasive powers nito.

"SORRY, wala akong dalang bio-data," sabi ni

Lexie nang nakaupo na sila sa salas para sa interview.

"Ang kapal-kapal ng portfolio mo, ni isang bio-data wala kang dala?"

Bago pa man siya makasagot ay may tumimbre sa gate at nagtahulan ang mga aso. Tumayo ang lalaki, tinungo ang pinto at pinapasok ang babae at lalaking may dala-dalang mop, balde at caddie ng mga eskoba, detergent at kung anu-anong chemical na panlinis.

Mga ilang minuto ring kinausap ng lalaki ang mga ito. Ang mga ito yata ang regular na naglilinis ng buong kabahayan dahil naulinigan niya ang lalaki na nag-uutos ng dapat na gagawin ng mga ito. Linisin daw ang ilalim ng mga kama, ang garahe, walisan ang bakuran, et cetera. Nagkaroon tuloy siya ng oras na magmiron sa kabahayan.

Ito na nga ang dream living room niya. Mahabang kulay-kape na leather sofa na overstuffed, lumang baul na ginawang center table at tatami mats sa sahig.

Tiningnan ni Lexie ang envelope na sasabog na sa dami ng lamang papeles. Siyempre, may resume siyang naitago rito. Pero hilahin man siya ng apat na kalabaw ay hindi niya iyon ibibigay. Bukod pa roon,

overqualified siya sa trabaho.

At saka, puwede ba! Kailangang umalis na siya rito bago maging seryoso ang buhol na ito? Naupo siya nang maayos nang bumalik ang lalaki para sa… uh, job interview.

"Naku, mga reviewer ko po ito. Undergraduate nga lang po ako. Gusto ko sana, part-time ang trabaho na ito." Sigurado siya na maiinis ang lalaking nag-i-interview sa katulad niyang weirdo at maraming hinihingi. Pinanindigan niya ang weird image niya.

"Puwede ho bang humingi ng tubig? Kanina pa ho ako nauuhaw," sabi niya sa lalaki. Tumalima ito at kumuha ng hiniling niya sa kusina. Kaya ganoon na lang ang kanyang pag-aalala.

Pakiramdam niya ay nahuli siya sa sariling lambat. Lalo na nang sinabi nito: "Better yet, mag-almusal ka na rin lang. Ang aga mong nagpunta rito."

Napalunok si Lexie. Hindi pa man siya nagsasalita para tumutol ay tumunog na ang kanyang sikmura nang pagkalakas-lakas.

PINAGMASDAN NI LEXIE ang lalaki habang ito

ay naghanda ng agahan. Ang kusina nito ay kasinlaki yata ng boarding house niya. May pantry iyong animo walk-in closet. Nasilip niya sa loob niyon ang sangkatutak na de-latang pagkain, mga nasa plastic packaging at saku-sakong bigas. Hinahakot yata nito ang laman ng *Makro* kapag namimili ito ng pagkain.

Maliban sa silver refrigerator at cooking range, purong puti ang kulay ng kusina nito. *Boring*, naisip niya.

Kung kusina niya lang ito, lalagyan niya ng isang plorera ng pula o dilaw na bulaklak ang mesa at mga countertops. Paaalisin niya ang pusang nagsa-sunbathing sa puting upuang malapit sa bintana. Pinandilatan niya ang malaking pusang nakahiga nang patagilid at inookupa ang buong upuan. Nakahiga ito na tila binili talaga ng lalaki ang upuang iyon para rito.

Waring naramdaman yata nito ang kanyang pagkainis dahil binuksan nito ang isang mata, tiningnan siya at saka naidlip muli.

Napalingon si Lexie sa lalaking pasipol-sipol habang gumagawa ng pancakes. Animo walang nangyaring paglalasing kagabi at wala man lang itong hang-over.

Well, she was not supposed to know what happened last night. Ano ang pakialam niya rito?

"Pasensya ka na't napakasimple ng agahan ko," sabi ng lalaki.

"Amoy-masarap nga ho ang pancakes ninyo."

"Ba't di mo tikman? Sige, kain na." Nilagyan pa siya nito ng ilang patong na pancakes sa pinggan at inilapit sa kanya ang tray ng butter at pitsel ng maple syrup. Hindi niya nakuhang tumanggi.

"Since you do not have your bio-data with you, tell me about yourself."

"Undergraduate ho ako." Nagsinungaling siya. Umaasa siyang mas pipiliin nito ang may diploma kaysa sa katulad niya. Sana ay paalisin na siya nito.

"Alam ko na iyon. Nabanggit mo na." Tiningnan siya nito at naghintay na ipagpatuloy niya ang pagpapakilala.

"Veterinary medicine ho ang kinukuha ko."

Tumangu-tango ito. "Ano naman ang experience mo sa pag-aalaga ng mga aso?"

"Ah, malawak ho. Pero specialization ko ang mga pusa." Tiningnan niya ito. "I'm a cat woman…

ah, cat person. Meow." Nakita niyang nilingon siya ng matabang pusa na nakaupo sa katabi niyang upuan. *Keep playing dumb, Lexie, at nang makaalis ka na rito. May oras ka pang humabol sa interview sa* Cerdito Animal Clinic.

Lumipat ang pusa sa kandungan niya at doon bumalu-baluktot na parang sanay itong kasama siya.

"Oh, I see that you are getting acquainted with Heebee."

"Ano?" tanong niya.

"Her name's Heebee. Short for Hibiscus. That cat loves being under a certain hibiscus bush in the garden."

"Hello, Heebee jeevees," sabi niya. Kinapa niya ang tiyan nito at tama nga ang hula niyang buntis ito. "Hmm, there's a bun in the oven here, huh?" sabi niya sa pusa. "Nagbi-breed ka ba ng pusa?" pabirong tanong niya.

Nakita niyang medyo sumeryoso ang mukha ng lalaki.

Tumikhim ito. "I'm a German Shepherd breeder. Naghahanap ako ng dog caregiver na stay-in." Tiningnan siya nito at iniwasan niya iyon. "Pamilyar

ka ba sa ugali ng German Shepherd?”

“H-hindi ho masyado.” Naalala niya ang mga German Shepherds na naalagaan na niya simula noong second year college siya. Of course, she knew them like they were her kids. But of course, she was playing dumb right now.

*Utang-na-loob, gusto ko nang lumabas dito dahil male-late ako sa interview!*

Bumuntong-hininga ito. “Well, makikilala mo rin sila kapag nakasalamuha mo na. Basta tandaan mo lang, dapat ay palagi silang may ginagawa. Impiyerno para sa kanila na makulong na lang palagi. They become destructive that way.”

Nagsisisi si Lexie na tumango siya habang nagpapaliwanag ito. Akala nito ay interesado talaga siya sa pag-a-apply.

“Come, let me have you get acquainted with my dogs.”

Pumikit siya nang mariin. Paano pa siya ngayon makakaalis sa bakurang iyon?

Napakalawak pala ng likod-bahay nito. Iyon yata ang kalahati ng buong subdivision. May ilang burol at batuhan doon na alam niyang ginawa

lamang ng landscaper. Dito nito pinapaglaro at pinag-eehersisyo ang mga aso. Sa isang bahagi, mayroong mga jumping tires. Nakini-kinita na niya ang mga aso na tumatalon saka lumulusot doon. May A-frame din siyang nakita at sa estima niya, mamahaling klase iyon. Marahil pinaaakyat nito roon ang mga alaga. Tipong magaling ang mga aso nito sa agility tests.

Pinanood niya ang lalaki habang tinatawag ang mga aso papasok sa kani-kanyang kulungan. Naroong kinausap ng lalaki ang isa, niyakap naman ang sumunod, at ni-wrestling sa damo ang isa pa. She was amazed at his kindness and firmness with his pets.

Natauhan siya sa pagmumuni-muni at napatalon nang maalalang kailangan niyang tawagan ang animal clinic para sabihin na late siya sa interview. Kinabahan siya nang makitang nakawalong missed calls na ang magiging boss, si Doctor Cerdito. Kung bakit kasi mahilig siyang ilagay ang cellphone niya sa silent mode. Kilala ang animal clinics nito at mahalaga sa resume ng isang bagong veterinarian ang mailagay ang pangalan nito. She could not afford to lose this job. Magpapaliwanag na lang siya.

“Miss Cleofe, ba’t mo naman ginawa ito sa amin?

You said you will be here first thing in the morning for the interview. Nabitin si Dr. Cerdito sa mga appointments niya," anang sekretarya sa telepono.

"Good morning, Ma'am. M-magandang umaga po," she stammered. "I'm sorry—"

"I'm sorry, too. First come, first served ang applicants namin. Nag-hire na lang kami ng iba. Goodbye." Nawala na ito sa linya.

Nanginig siya pagkatapos niyon.

"Are you all right, Miss?" anang lalaking kaharap niya. "Namumutla ka. May dinaramdam ka ba?"

"W-wala. I'm okay."

Ilalagay na sana niya ang cellphone sa bag nang biglang umilaw iyon at makitang may tumatawag. Baka nagbagong-isip ang sekretarya o kaya ay naawa sa kanya. Pero si Elmer ang nasa linya.

"Lexie, I'm sorry about what happened. At kung anuman ang natuklasan mo… I'm really sorry."

Walang lumabas na tinig mula kay Lexie. Imbis, isang butil ng luha ang naglandas sa kanyang pisngi.

Nagpatuloy lang ang lalaki sa kabilang linya, "… inaamin ko namang mahal ko nga si Dorina and

I can't live without her."

Sapat na iyon para pindutin ng nanginginig niyang kamay ang end call button.

Double whammy. Double injury. Tahimik siyang humikbi at kunwari ay tinitingnan-tingnan ang mga aso sa kani-kanilang kulungan. Binulag siya ng luha habang tumatakbo siya at hinahabol ang dalawang tutang umakyat sa burol.

Katulad ng inaasahan, sadya ring lumalapit ang mga ito sa kanya. Nahuli niya ang lalaki na pinagmamasdan siya habang nakikipaglaro siya sa mga alaga ng Frisbee.

"Kung sa tingin mo ay magiging masaya ka sa kontrata, maaari ka nang magsimula ngayon," sabi nito.

Humahangos at wala sa sariling tumango siya. "Oo naman. Sige, pabasa at nang mapirmahan ko na."

"CARE FOR SOME WINE?" alok ng lalaki sa kanya habang binabasa niya ang kontrata nito. Ni isang salitang nakasulat doon ay walang pumasok sa utak ni Lexie.

She could not imagine it. Sabay na nawala na parang bula si Elmer at ang trabahong pinangarap niya…

“Sure,” sabi ni Lexie sa lalaki. “Ano na nga ba ang pangalan mo?”

“Val. Val Arcangel.” Kinamayan siya nito.

“I’m Lexie Cleofe.” Tinanggap niya ang kopita ng alak mula rito saka tinungga ang laman niyon. Wala siyang pakialam kung ano ang iniisip ng bago niyang boss sa ginagawa niya. She had just been fired hindi pa man nagsisimula sa ina-apply-ang trabaho, and she had just been dumped. Fired and dumped. Ano pa kaya ang mangyayari sa kanya?

“You can always pour me some more wine, you know,” sabi niya at inilapit dito ang kopita upang punuan nito iyon ng alak. Yumuko siya sa mesa dahil bumigat ang ulo niya.

# 3

Bumuntong-hininga si Lexie. Ang sarap namang matulog sa overstuffed sofa na ito. Humikab siya at pumikit. Basta, kapag nagkabahay siya, ganitong-ganito—magkakaroon siya ng malaki at malambot na sofa katulad nitong sa boss niya. Sa boss…

Napabalikwas si Lexie. Di ba nga ini-interview siya nito? Sheesh. Nakatulugan niya ang interview dahil nalasing siya.

Tumayo siya at inayos ang sarili, tumuloy sa kusina at maingat na kumuha ng maiinom.

*Nasaan na iyong si Arcangel?* tanong niya sa isip pagkainom ng tubig.

Siguro naman matu-turn-off na ito sa inasal niya. Marahil ay pauuwiin—er—palalayasin na siya nito.

Mayamaya ay may narinig siyang tunog—iyong parang nasaktan. Ilang ulit niyang narinig ang "Aray!". Nagtahulan ang mga aso.

Lumabas siya ng pinto ng kusina upang tingnan kung ano ang nangyayari. Hayun ang isa sa mga

tagalinis ng bahay, nakaupo sa lupa at duguan ang hita. Nataranta ang kasama nito at hindi malaman kung ano ang gagawin. Bago pa siya pumunta sa eksena ay nauna roon si Val. Narinig niya ang paliwanag sa nangyari.

Nag-aalis ng lumot ng bubong ang house cleaner, gamit ang ice pick nang madulas ito. Nang mahulog ito ay hawak pa ang ice pick. Dahil sa lakas ng impact ng pagkahulog, bumaon ang matalim na instrumento sa hita nito.

Dagling kinuha ni Lexie ang lahat ng kitchen linen na nakita niya sa kabahayan. Pumunta siya sa dog clinic at kinuha ang lahat ng kailangan.

“Sir, are you okay?” aniya sa sugatang mama habang tinatapik sa balikat. Imbis na pahigain, pinaupo niya ito dahil inaalala niya na mas delikado kung may concussion ito sa ulo at makatulog.

Maputla ito at kinakabahan kaya kalmado niyang sinabihan, “Relax lang kayo. Madaling gumaling ito.”

Binendahan niya ang sugatang hita nito upang maibsan ang pagdurugo niyon. Aktong hinawakan ng kasama ang nakabaon pa ring ice pick upang iyon ay bunutin.

Pinigilan niya ito. "Ospital na ang bahala d'yan. Kapag binunot mo iyan ay mas aagos ang dugo niya."

"I'll take him to the hospital now," anunsyo ni Val na nakaantabay. Tiningnan siya nito. "Sumama ka sa akin. Kailangan ko ang tulong mo sa pagpapaliwanag." Nilingon nito ang babaeng house cleaner. "Panyang, ako na ang sasagot sa lahat ng gastusin."

Umiyak at paulit-ulit na nagpasalamat ang babae na nalaman niyang asawa pala ng naaksidenteng mama.

Si Lexie naman, hindi niya makakalimutan ang kawanggawang iyon ni Val Arcangel.

"I APPRECIATE your presence this afternoon," ani Val sa kanya, matapos maipagamot ang naaksidente. Niyaya siya nitong maghapunan sa food court ng ospital at umorder sila ng goto at sandwiches.

"Wala iyon. Salamat na lamang at ligtas na si Danny," ani Lexie.

"Kung wala ka, hindi ko alam kung ano ang gagawin para maampat ang pagdurugo ng sugat niya."

Tumango siya bilang tugon at sumubo ng goto.

"Bukas, okay lang kahit after lunch ka na pumasok sa trabaho," anito.

Napalunok si Lexie. Mukhang hindi na nga siya kaagad-agad makalalabas sa sitwasyong iyon. Parang wala lang sa lalaking ito ang sadya niyang pagpapakita ng kalasingan. Pinalayas kaya siya nito kanina kung nagkunwari siyang takot siya sa dugo at nag-inarte na hindi niya kayang tulungan si Danny? Pero kanina, walang dalawang-isip na ginawa niya ang tungkulin ng isang manggagamot. Buhay ang nakataya roon…

Yumuko siya, kunwari ay humigop ng goto at kumagat sa hotdog sandwich. Pagkatapos kumain, nagbiyahe na sila pauwi sa bahay ng amo.

"Ano ang iniisip mo?" tanong ng lalaki na nagmamaneho at hindi inaalis ang paningin sa traffic sa harap.

"'Yung tungkol kay Danny," pagsisinungaling niya. "Parang ang sakit ng sugat na iyon." Sa totoo lang, naghahanap siya sa kasuluk-sulukan ng imahinasyon kung paano siya makakaalis sa sitwasyong iyon. Doktor siya ng mga hayop, hindi caregiver ng mga aso. At may nakikita siyang career

sa hinaharap. Hindi iyong pa-freelance-freelance lamang, kundi nakikita niya ang sarili bilang isang magaling at pamosong beterinaryo. Big time.

Paano niya sasabihin sa lalaking ito ang totoong iniisip niya?

"Ipakikilala kita sa Ambassador ng Cyprus," imporma nito nang igarahe ang sasakyan. "Iiwan daw niya rito ang kanyang dalawang alagang German Shepherds dahil luluwas siya ng bansa. Sabi niya, pumunta raw tayo sa isang handaan sa kanyang mansion sa *Forbes.*"

"Kailan ito?" tanong niya.

"Sa weekend."

Tumango siya. *Iyon nga lang, baka nag-resign na ako sa trabaho dito pagdating ng araw na iyan.* "Salamat."

"Good night, Lexie," marahang saad ng lalaki. Nang marinig ang tinig na iyon, tila naman nagmadaling lumabas siya sa kotse. Hindi niya maunawaan ang nararamdaman sa timbre ng 'Good night' na iyon ng lalaki.

Sa silid niya, sa maliit na cottage kung saan siya pinatira ng boss niya, pinunasan ni Lexie ang

isang lumang salamin. Ilang taon din yata iyong pinamumugaran ng alikabok at sapot ng gagamba. Nang lumitaw ang repleksyon ng mukha niya, tinitigan niya iyon.

First version. “Val. Val Arcangel. Alam kong ayaw mo sa mga caregiving suggestions ko. Magre-resign na lang ako. Masyado mong bini-baby ang mga aso mo. Walang rhythm ang kanilang pagkain at pagtulog. Pati paglalaro ay wala sa panahon. Humanap na lang kayo ng bagong caregiver. Adios.”

Baka hindi ito makumbinsi.

Second version. “Sir Val, ba’t ganoon ang buhay? Parang ayoko nang maging veterinarian. Payuhan mo naman ako.” Umarte siyang nagmamakaawa. Sort of. “Parang gusto ko na lang magtayo ng bakery. Hmm… naaamoy ko na nga ang hot pandesal sa umaga. May natutunaw pang mabangong butter sa ibabaw. Di ba ang sarap n’on? At nalalasap ko na ang texture ng macaroons sa merienda. Tapos, kung makakagawa pa ako ng pandesal na may adobong palaman, panalo na. Ang gusto ko lang naman sabihin, Sir Val, magbibitiw na ako sa trabaho.”

Too lame.

Third version. “Sir. Sir Val, kailangan kong

mag-resign sa trabaho." Nagkunwari siyang may hawak na papel. "Tingnan mo ang grade ko sa Fish Anatomy exam. Bagsak." Tapos, pinilit niyang gawing mamasa-masa ang mga mata. "Ayaw ko sanang tumigil sa trabaho, pero kailangan, eh."

Umiling siya.

Fourth version. "Sir Val! May good news ako. Nakatanggap ako ng letter galing sa isang dog grooming salon sa Beverly Hills. Titigil na muna ako sa pag-aaral, Sir. Can you imagine dog fashion? Dog ballerinas, dog hairdo's. Pink poodles. Malay mo, maging kliyente ko ang aso ni Paris Hilton. Mare-resign na ako. 'Bye."

Pinili niya ang pangatlong drama. Bago matulog, gumawa siya ng kunwaring answer sheet ng isang exam na one hundred fifty items. Gamit ang ballpen na pula ang tinta, sinimulan niyang markahan ng mga pulang 'X' halos lahat ng kanyang 'sagot'. Ipapakita niya iyon sa lalaki bukas ng umaga.

"MAMAYA NA, pagkaalmusal niya," sabi ni Lexie. Pinagbuti niya ang paglilinis sa bahay ng mga German Shepherds. Binigyan niya ng extra hug si Boris, ang asong kinagaanan niya ng loob. Matanda

na ito, pero masipag pa ring magbantay sa mga bagong tuta. Mami-miss niya ito. Huling araw na niya ito marahil.

Pero hindi niya naabutan si Val. Maaga itong umalis ng bahay; kung saan ang punta ay hindi niya alam.

Kapag dumating na siya at nakapagpahinga, saka ako makikipag-usap.

Iyon ang sumunod niyang balak at inabangan niya ang pagbabalik ng lalaki habang nakikipaglaro sa mga aso. Mahusay na pampaalis ng kaba ang vigorous exercise kaya todo-bigay siyang nakipaghabulan sa mga ito. Tuwang-tuwa rin niyang isinigaw ang mga pangalan ng mga ito kapag nagbibigay ng papuri.

"Good boy, Sam!" puri niya sa isa nang masalo nito ang frisbee. Wala siyang pakialam kung sitahin man siya ng guard ng subdivision dahil sa ingay niya. Nang magpahinga silang lahat ay niyakap niya isa-isa ang mga ito.

"Magpakabait kayo. Kung di dahil sa career ko ay ako na lang sana ang mag-aalaga sa inyo. Pero kasi, gusto ko ng sarili kong animal clinic. Malay ninyo, maging kliyente ko pa kayo."

Habang naghahapunan ay pinakiramdaman

niya ang pagdating ng sasakyan ng lalaki. Inihanda rin niya ang 'test results' na ipapakita rito.

Nasa kalagitnaan siya ng pagbabasa ng librong *'Marley and Me'* nang marinig niya itong gumarahe. Pasado alas nueve na noon ng gabi. Naghintay siya ng sampung minuto saka lumabas ng cottage.

Siguro naman ay nakapagpahinga na si Val. Iyon ang tantya niya.

Kumatok siya sa pinto ng kusina. Nang walang sumagot ay maingat niyang binuksan ang screened door. Natagpuan niya si Val, nakaupo sa may hapag-kainan, kaharap ang isang bote ng rhum. Narinig niya itong humikbi. Itinago niya ang dalang 'test result' at tumayo sa tabi ng cooking range.

*Ang mga lalaki nga naman*, bulong niya sa sarili, saka huminga nang malalim. Pinanood niya ito. Manghang-mangha siya dahil ngayon lang siya nakakita ng lalaking umiiyak.

Narinig niya ang pangalang 'Rio' mula rito at parang may kumurot sa puso niya. Kinagat niya ang lower lip at nanatiling tahimik na nagmamasid. Mayamaya pa ay bumagsak na ang ulo ng lalaki sa mesa. Dagli siyang lumapit dito.

"Sir Val, ahm... mabuti pa, magpahinga na

kayo," aniya. "Kung gusto ninyo, aalalayan ko kayo papunta sa silid ninyo." Nag-aalala siyang baka mapaano ito oras na uminom ng isang baso pa ng rhum, lalo at nagkakapantal-pantal na ang mukha nito. Marahil ay allergic ito sa alcohol.

Singhot ang unang tugon nito.

Hindi siya sumuko. "Sir, tumayo na kayo." Binuhat niya ang braso nitong kasing-bigat ng isang St. Bernard na buntis.

Tulad noong una, sumunod ito. Tumayo habang sumisinghot at hinayaan siyang sabayan ito papunta sa silid nito. Habang naglalakad, hindi maiwasang bumagsak ang ulo nito sa balikat niya. Mainit ang hanging ibinubuga ng lalaki at sa bawat paghinga nito, tila nadadarang ang kanyang batok.

"Hindi naman sa nakikialam ako, pero mabuti pa, alisin na natin ang mga rhum at whisky bottles mo," aniya sa lalaking nakahandusay sa paanan ng kama. "Hindi naman kayo marunong uminom, eh."

Hindi ito sumagot—he was past asleep.

Kinaumagahan, kumatok siya sa silid nito nang mapaghinuhang hindi pa ito bumabangon. Naroon nga si Val, nakahiga pa rin at balot na balot ng kumot.

“Can you get me some aspirin?” anito. “Masakit ang ulo ko.”

Hangover. Sinabi na nga ba niya. Dinama ni Lexie ang noo nito. May lagnat ito at nilalamig.

“Teka, dapat magkalaman ang tiyan mo. Ikukuha kita ng tsaa at igagawa ng lugaw.”

Umiling ito. Mas matigas pa ang ulo nito kaysa sa dalmatian na in heat.

“Kapag uminom ka kaagad ng aspirin, sasakit ang sikmura mo. Pulos alak pa naman ang laman niyan.” May katigasan ang binitiwan niyang salita.

Hindi na ito umimik, nagpaubaya na lang sa pagpapasya ni Lexie.

Pinunasan niya ito ng bimpong mamasa-masa at may alcohol.

“Lalabas ako ng silid mo, heto ang bagong pajama at t-shirt. Magbihis ka, okay?” Tumango ito, kahit hirap dahil sumasakit ang ulo.

Nang bumalik siya, dinalhan niya ito ng nilutong goto.

“Tumawag ang sekretarya ng Ambassador ng Cyprus. Nagtatanong kung confirmed ang attendance

mo sa weekend."

"Sabihin mong a-attend tayong dalawa." Huminga ito nang malalim. "Anong araw ba ngayon?"

"Huwebes." Tumangu-tango ito at nahiga muli. "Iyang goto, ubusin mo bago lumamig," tukoy niya sa laman ng nasa mangkok na ipinatong niya sa sidetable. Lumabas siya ng silid nito.

"Alexandra..." narinig niyang tawag ng lalaki at napalingon siya dahil ginamit nito ang tunay niyang pangalan. "Salamat."

Tumango siya. "Tumawag ka lang kung may kailangan ka." Nagtungo siya sa kanyang cottage, dala-dala ang natitirang goto sa kaldero. Napagod siya sa maghapon at ayaw na niyang magluto ng sariling hapunan.

# 4

Sumayaw-sayaw si Lexie; kinausap at nginusuan ang mga asong nasa kanilang mga kennels at nakatingin sa kanya habang siya ay nagma-mop ng sahig ng bahay ng mga ito. Inirapan niya ang pusang may mga bilog na itim, kape at abo sa likod at ulo. Inirapan din siya nito kaya pinaringgan niya.

"Who's the sweetest dog around, huh?" aniya sa isang German Shepherd. Ngumuso siya sa hangin na tila hinahalikan ito. "Sweet boy…"

"So, ano ang sabi ng magulang mo sa part-time job mo?" Napatigil siya nang marinig si Val na nasa likuran pala niya. He was wearing an amazed look on his face, which told her he saw her antics. Hindi niya ito narinig nang pumasok dahil sa malakas na ulan.

"Okay lang sa kanila." Kumamot-kamot siya ng ulo. "Nagpapasalamat pa nga sila't may trabaho na ako kahit part-time." Tiningnan niya ito habang inaalis ang bota sa paa. Siniguro niyang tuyo ang sahig ng warehouse bago matapos ang araw.

'Dog Haven' ang itinawag niya sa warehouse na

binago ni Val at ginawang bahay ng mga alaga. Gusto niyang komportable ang mga aso kapag natutulog sa gabi.

Isinandal niya ang tuyong mop sa dingding at uminat.

“Day’s done,” aniya. Biglang gusto niyang umuwi, kumain ng waffles at uminom ng mainit na tsokolate tulad ng ginagawa niya kapag hindi pa ubos ang allowance niya o kung may kinita siya mula sa pagiging dog-sitter sa kung sinu-sinong may aso. Inalis niya iyon sa kanyang isipan. Wala na siyang babalikang boarding house.

Inilipat na niya ang mga gamit sa munting cottage sa likod ng malaking bahay ni Val.

Ewan kung tama ang ginawa niyang iyon o nabigla lamang siya. Kung kabaliwan man ang pagiging stay-in dog-sitter niya roon ay hindi pa niya lubos na pinag-isipan. Manhid na yata siya sa anumang pakiramdam. Ito nga ang dulot ng bigong pag-ibig.

“Kumusta na ang boyfriend mo?”

“Ha?” nabigla sa tanong ng lalaking napalingon siya rito.

"Iyong sinabi mong nahuli mong nagloloko."

Namula siya dahil natandaan nga nito ang mga pinagsasabi niya noong gabing lasing ito.

Kumibit-balikat si Lexie. "Malay ko. He moved on already." At ano ba ang pakialam ng lalaking ito sa personal na buhay niya?

Inayos niya ang mop at balde sa likod ng pinto ng bodega saka nagpaalam dito.